








Ang Paghihiganti ng Pastol ng Pulut-Pukyutan

Honningguidens hevn

-  Zulu folktale
-  Wiehan de Jager
-  Karla Comanda
-  tagalog / bokmål
-  nivå 4



Ito ang kuwento ni Ngede, ang Pastol ng Pulut-Pukyutan, at ni Gingile, isang binatang sakim. Isang araw, habang nangangaso si Gingile, narinig niya ang tawag ni Ngede. Naglaway si Gingile sa posibilidad ng pulut-pukyutan. Tumigil siya at nakinig nang maigi, naghanap hanggang sa makita niya ang ibon sa sanga sa itaas. "Twit-twit-twit," kalansing ng munting ibon habang nagpalipat-lipat siya ng puno. "Twit, twit, twit," tawag niya, paminsan-minsang tumitigil para siguraduhing nakasusunod si Gingile.

...

Dette er historien om Ngede, honningguiden, og en grådig ung mann ved navn Gingile. En dag mens Gingile var ute på jakt, kalte Ngede på ham. Gingile fikk vann i munnen ved tanken på honning. Han stoppet og lyttet oppmerksomt, og lette til han så fuglen i grenene over hodet sitt. "Tsjitikk, tsjitikk, tsjitikk", kvitret den lille fuglen idet den fløy til det neste treet, og det neste. "Tsjitikk, tsjitikk, tsjitikk", kallet han, og stoppet innimellom for å forsikre seg om at Gingile fulgte etter.



Makalipas ang kalahating oras, naabot nila ang isang malaki at masukal na puno ng igos. Masayang lumukso si Ngede sa mga sanga nito. Sa wakas ay nanatili siya sa isang sanga at tumingin kay Gingile na para bang gusto niyang sabihin, “Ito na! Halika! Ano pa’ng hinihintay mo?” Walang makitang mga bubuyog si Gingile, pero pinagkatiwalaan niya si Ngede.

...

Etter en halvtime nådde de et stort vilt fikentre. Ngede hoppet rundt som en gal blant grenene. Han slo seg ned på en gren og strakk hodet mot Gingile som om han sa: “Her er det! Kom nå! Hvorfor bruker du så lang tid?” Gingile kunne ikke se noen bier fra under treet, men han stolte på Ngede.



Ibinaba ni Gingile ang kanyang sibat sa ilalim ng puno, nag-ipon ng mga tuyong at maliliit na sanga, at gumawa ng maliit na apoy. Nang nagliyab nang mabuti ang apoy, naglagay siya ng isang mahaba at tuyong patpat sa puso nito. Kilala ang mga sangang ito sa paggawa ng malaking usok habang ito'y nasusunog. Nag-umpisa siyang umakyat, hawak ang malamig-lamig na bahagi ng patpat sa kanyang mga ngipin.

...

Så Gingile la spydet sitt ned under treet og samlet noen tørre kvister og tente et lite bål. Da ilden brant godt, stakk han en lang, tørr kjepp inn i hjertet av bålet. Denne veden var kjent for å lage mye røyk mens den brant. Han begynte å klatre mens han holdt den kjølige enden av kjeppen mellom tennene.



Maya-maya ay narinig niya ang malakas na haging ng mga abalang bubuyog. Labas-pasok sila sa hungkag ng puno – ang kanilang pugad. Nang maabot ni Gingile ang bahay-pukyutan, itinulak niya ang patpat na may usok sa hungkag. Naglabasan ang mga bubuyog, galit at buwisit. Lumipad sila palabas dahil ayaw nila ng usok – ngunit lumabas sila habang binibigyan ng massakit na kagat si Gingile!

...

Snart kunne han høre summingen til de travle biene. De kom inn og ut av et hulrom i trestammen – bolet deres. Da Gingile nådde bolet, dyttet han den rykende enden inn i hulrommet. Biene for ut, sinte og klare til angrep. De fløy bort siden de ikke likte røyken – men ikke før de hadde gitt Gingile noen smertefulle stikk!



Nang lumabas ang mga bubuyog, ipinasok ni Gingile ang kanyang mga kamay sa loob ng pugad. Nakakuha siya ng isang dakot ng panilan na punung-puno ng pulut-pukyutan, at matataba at mapuputing uod. Iningatan niyang ilagay ang pulut-pukyutan sa supot na dala niya sa kanyang balikat, at bumaba mula sa puno.

...

Da biene var ute, stakk Gingile hånden sin inn i bolet. Han tok ut håndfuller med tunge vokskaker som dryppet av deilig honning og var fulle av feite, hvite larver. Han la vokskakene forsiktig i veska han bar på skulderen og begynte å klatre ned fra treet.



Nasaksihan ni Ngede ang lahat ng ginawa ni Gingile. Naghintay siyang maiwanan ng isang malaking piraso ng pulut-pukyutan bilang pasasalamat sa Pastol ng Pulut-Pukyutan. Humagibis siya sa mga sanga, papalapit nang papalapit sa lupa. Nang maabot ni Gingile ang ilalim ng puno, dumapo si Ngede sa isang bato malapit sa batang lalaki at naghintay sa kanyang gantimpala.

...

Ngede så ivrig på alt Gingile gjorde. Han ventet på at han skulle legge igjen en tjukk vokskake som en takkegave til honningguiden. Ngede svinset fra gren til gren, nærmere og nærmere bakken. Til slutt nådde Gingile foten av treet. Ngede satt på en stein nær gutten og ventet på belønningen sin.



Ngunit pinatay ni Gingile ang apoy, pinulot ang kanyang sibat, at nag-umpisang maglakad pauwi nang hindi pinapansin ang ibon. Galit na tawag ni Ngede, “BIK-torrrr! BIK-torrrr!!” Tumigil si Gingile, tinitigan ang munting ibon, at tumawa ng malakas. “Gusto mo ng pulut-pukyutan ano, kaibigan? Ha! Pero ako ang naghirap para dito, at ako ang nakagat. Bakit ko ibabahagi ang kahit katiting ng masarap na pulut-pukyutan sa iyo?” At naglakad siya paalis. Galit na galit si Ngede! Hindi siya maaaring tratuhin ng ganoon! Pero makakapaghiganti rin siya.

...

Men Gingile slukket bålet, plukket opp spydet, begynte å gå hjem og overså fuglen. Ngede ropte sint: “SEI-er, SEI-er!” Gingile stoppet og stirret på den lille fuglen og lo høyt. “Du vil ha litt honning, du, lille venn? Ha! Men jeg gjorde alt arbeidet og fikk alle stikkene. Hvorfor skulle jeg dele noe av denne deilige honningen med deg?” Ngede var rasende! Dette var da ingen måte å behandle ham på! Men han skulle få sin hevn.



Isang araw makalipas ang ilang linggo, muling narinig ni Gingile ang pantawag sa pulut-pukyutan ni Ngede. Naalala niya ang masarap na pulut-pukyutan at sabik na sinundang muli ang ibon. Matapos pangunahan si Gingile sa dulo ng kagubatan, nagpahinga si Ngede sa isang malaking payong na tinik. "Ahh," isip ni Gingile. "Marahil ay nasa punong ito ang pugad." Dali-dali siyang gumawa ng maliit na apoy at nag-umpisang umakyat, at nilagay ang patpat na pang-usok sa ngipin niya. Naupo at nanood si Ngede.

...

En dag flere uker senere hørte Gingile igjen kallet fra Ngede. Han husket den deilige honningen og fulgte ivrig etter fuglen nok en gang. Etter at den hadde ledet Gingile langs skogkanten, stoppet den for å hvile i et stort akasietre. "Å", tenkte Gingile. "Bolet må være i dette treet." Han tente raskt det lille bålet sitt og begynte å klatre med den rykende grenen mellom tennene. Ngede satt og ventet.



Umakyat si Gingile, nagtataka kung bakit hindi niya marinig ang karaniwang haging. “Baka nasa looban ng puno ang bahay-pukyutan,” isip niya. Itinulak niya ang sarili niya sa isang sanga. Pero sa halip na bahay-pukyutan, nakita niya ang sarili niyang nakatitig sa mukha ng isang leopardo! Galit na galit si Leopardo dahil naudlot ang tulog niya. Nagdilim ang kanyang paningin, at binuksan ang kanyang bibig para ilabas ang kanyang napakalaki at napakatalas na mga ngipin.

...

Gingile klatret, men lurte på hvorfor han ikke hørte den sedvanlige summingen. “Kanskje bolet er dypt inne i treet”, tenkte han for seg selv. Han dro seg opp etter en annen gren. Men i stedet for bolet, stirret han inn i øynene til en leopard! Leopard var veldig sint fordi søvnen hennes ble så brått avbrutt. Hun knep igjen øynene og åpnet munnen for å vise de veldig lange og skarpe tennene sine.



Bago pa man mahagupit ni Leopardo si Gingile, dali-dali siyang bumaba mula sa puno. Sa kanyang pagmamadali ay hindi siya nakaapak sa isang sanga, bumagsak siya lupa, atnapihit ang bukung-bukong. Dali-dali siyang umika. Sa kabutihang palad, masyadong antok na si Leopardo para habulin siya. Nakuha ni Ngede, ang Pastol ng Pulut-Pukyutan, ang kanyang paghihiganti. At may natutunang aral si Gingile.

...

Før Leopard kunne svinge labben etter Gingile, skyndte han seg ned fra treet. I hastverket bommet han på en gren og landet med et høyt brak på bakken og forstuet ankelen. Han hinket videre så fort han kunne. Heldigvis for ham var Leopard fortsatt for søvnig til å jage ham. Ngede, honningguiden, hadde fått sin hevn. Og Gingile hadde fått seg en lærepenge.



At dahil diyan, iginagalang ng mga anak ni Gingle si Ngede, ang munting ibon, sa tuwing maririnig nila ang kuwentong ito. Sa tuwing maga-ani sila ng pulut-pukyutan, sinisigurado nilang iiwan nila ang pinakamalaking bahagi nito para sa Pastol ng Pulut-Pukyutan!

...

Og på den måten, når barna til Gingile hører fortellingen om Ngede, respekterer de den lille fuglen. Hver gang de sanker honning sørger de for å gi den største delen av vokskaka til honningguiden!



Barnebøker for Norge

barneboker.no

Ang Paghihiganti ng Pastol ng Pulut-Pukyutan

Honningguidens hevn

Skrevet av: Zulu folktale

Illustret av: Wiehan de Jager

Oversatt av: Karla Comanda (tl), Espen Stranger-Johannessen (nb)

Denne fortellingen kommer fra African Storybook (africanstorybook.org) og er videreformidlet av Barnebøker for Norge (barneboker.no), som tilbyr barnebøker på mange språk som snakkes i Norge.

Dette verket er lisensiert under en Creative Commons
[Navngivelse 3.0 Internasjonal Lisens](https://creativecommons.org/licenses/by/3.0/).